Gabay para sa Disaster Prevention

Filipino Version

NHK 和歌山放送局

Wakayama International Exchange Center

Ang Wakayama at Lindol

Sa loob ng 30 taon, may 70% na posibilidad na magkakaroon ng malaking lindol (magnitude 8-9) sa Nankai Trough (noong Enero 1, 2015). Kung ito ay mangyayari, ang Wakayama ay makakaranas ng napaka-lakas na pagyanig. Maaari rin magkaroon ng tsunami sa mga lugar na malapit sa dagat.

Paghahanda para sa Tsunami

Maaaring magkaroon ng tsunami matapos ang isang lindol. Ang tsunami ay isang mabilis at mataas na alon. Lubhang mapanganib ito. Pagkatapos lumindol, ang ahensiya ng meteorolohiko ay magbibigay ng babala kung may paparating na tsunami. Kung may paparating na tsunami, lumayo kaagad sa mga baybayin at lumikas sa ligtas at mataas na lugar.

< Babala at alarma sa tsunami mula sa ahensiya ng meteorolohiko >

Tsunami advisory	Sa mga taong nasa dagat, bumalik agad sa pampang at lumayo sa dagat.
Alarma sa tsunami Alarma sa higanteng tsunami	Ang tsunami ay inaasahan na magdudulot ng pinsala sa mga lugar na malapit sa dagat. Lumayo kaagad.

● Pinapalagay na taas ng tsunami at oras ng pagdating nito

Wakayama City 6m 53minuto 8m 40minuto	Kainan City 6m 47minuto 8m 39minuto	
Arida City 5m 41minuto 10m 33minuto	Yuasa Town 6m 44minuto 11m 35minuto	Hirogawa Town 6m 43minuto 9m 33minuto
Yura Town 7m 35minuto 10m 24minuto	Hidaka Town 6m 28minuto 11m 16minuto	Mihama Town 8m 27minuto 17m 16minuto
Gobo City 8m 24minuto 16m 13minuto	Inami Town 7m 24minuto 15m 11minuto	Minabe Town 7m 23minuto 14m 11minuto
Tanabe City 7m 25minuto 12m 12minuto	Shirahama Town 7m 12minuto 16m 3minuto	Susami Town 7m 10minuto 19m 3minuto
Kushimoto Town 10m 5minuto 17m 3minuto	Taiji Town 6m 7minuto 13m 3minuto	Nachikatsuura Town 8m 10minuto 14m 3minuto	Shingu City 7m 11minuto 14m 5minuto



Sunud-sunod na 3 lindol sa Tokai, Tonankai at Nankai

Pinakamataas na alon ng tsunami
Pinakamabilis na oras ng pagdating ng unang tsunami

Nankai Megathrust Earthquake

Pinakamataas na tsunami
Oras na pagdating ng 1 metro na tsunami

[Wakayama pref.]



● Tatlong sunud-sunod na lindol sa Tokai, Tonankai, at Nankai (magnitude 8.7)...Lumilindol sa Nankai Trough bawat 90-150 taon.

● Nankai Megathrust Earthquake (magnitude 9.1)...Hindi pa nagkakaroon ng magnitude 9 na lindol sa Nankai Trough. Bagamat kung ito ay mangyayari, magkakaroon ng napakalaking pinsala.

(Magnitude : laki ng lindol Intensity : lakas ng pagyanig)

May mga tsunami hazard map sa mga munisipyo ng lungsod o ng bayan. Mangyari lamang na suriin ito ng maaga at alamin kung saan ka lilikas.

Kapag lumindol…

Magtago sa ilalim ng mesa

Magtago sa ilalim ng isang matibay na mesa at protektahan ang ulo. Humawak ng maigi sa paa ng mesa. Mag-ingat sa mga bumabagsak na mga bagay.

Buksan ang pinto o bintana

Kapag nasira ang gusali, hindi na nabubuksan ang mga pinto o bintana. Buksan kaagad ang pinto o bintana para may madaanang palabas.

Kapag huminto ang pagyanig, patayin ang mga apoy.

Patayin ang mga ginagamit na apoy. Delikado ito kapag malakas ang pagyanig. Hintaying tumigil ang pagyanig bago patayin ang mga ito.

Huwag lumabas kaagad

Maaaring bumagsak ang mga salamin o karatula. Mapanganib ang lumabas kaagad. Maaari ring bumagsak ang mga kongkretong pader.

Lumayo sa mga bangin

Ang matarik na libis ng mga bundok ay maaaring gumuho, lumayo sa mga ito.

Lumikas sa mga lugar na malayo sa dagat

Maaaring magkaroon ng tsunami. Lumikas kaagad sa mataas na lugar.

Iparada ang iyong sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalye

Lubhang mapanganib na lumikas gamit ang sasakyan. Kung ikaw ay nagmamaneho, dahan-dahang iparada ang sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalye. Patayin ang makina nito. Huwag alisin ang susi sa sasakyan.



Kapag bumagyo o malakas ang ulan…

Tuwing tag-ulan (mula Hunyo hanggang Hulyo) at kapag may bagyo at maraming ulan. Dumadami ang tubig sa ilog at umaapaw ito. Kailangang mag-ingat sa pagguho ng lupa sa bundok. Sa Japan, dumadating ang mga bagyo mula Agosto hanggang Oktubre. Napakalakas ng hangin sa panahong ito. Maaaring matangay ang mga bagay kung kaya't mapanganib.

Bago dumating ang bagyo o malakas na ulan

- Suriin ang bahay. Ayusin ang mga sira.
- Para sa mga gamit na nasa labas ng bahay, siguraduhing hindi liliparin ang mga ito. Maaari ring ipasok ang mga ito sa loob ng bahay.
- Linisin ang mga drainage (kanal) at gutter (alulod) upang dumaloy ng maayos ang tubig.
- Ilagay ang mga kasangkapan at electric appliances sa mataas na lugar kung mukhang papasok ang tubig sa loob ng bahay.
- Maaaring mawalan ng kuryente. Maghanda ng flashlight at portable na radyo.

Kapag malakas ang ulan o hangin

▶ Kapag nasa labas ng bahay
- May mga bumabagsak na puno at lumilipad na bagay. Protektahan ang ulo ng bag.
- Mapanganib ang mga lugar na malapit sa dagat, ilog o bundok. Huwag pumunta sa mga lugar na iyon.

▶ Kapag nasa loob ng bahay
- Huwag lumabas.
- Isara ang mga bintana, shutter at kurtina.

Kumuha ng impormasyon

Kapag bumagyo o malakas na ulan, kumuha ng impormasyon ukol sa lagay ng panahon mula sa balita. Maghanda kaagad sa paglikas. Kapag may inilabas na mungkahi o utos para lumikas, mag-ingat sa mga delikadong lugar. (Kung hindi makalikas sa labas, pumirmi sa matibay na bahagi ng gusali o bahay.)

< Babala ng panahon at ibang impormasyon galing sa ahensiya ng meteorolohiko >

Malakas na ulan at hangin・Bagyo High sea・High tide at iba pa	Advisory	Maaaring magkaroon ng sakuna.
	Babala	Malaking posibilidad magkaroon ng sakuna.
	Emerhensiya	Napakalaking posibilidad na magkaroon ng sakuna.

Kung may malaking posibilidad na may pinsala sa landslide, magbibigay din ang opisina ng prefecture at Meteorological observatory ng "babala ng pagguho".

< Uri ng impormasyon ukol sa paglikas galing sa munisipyo >

Impormasyon ng paghahanda para sa paglikas	Para sa mga matatanda at may sakit, lumikas kaagad hangga't maaari.
Advisory sa paglikas	Lumikas.
Utos sa paglikas	Siguraduhing lumikas kaagad (Ang utos na ito ay ang pinakamataas na antas ng babala at binibigay lamang kung may lubhang delikado).

Kapag Lilikas…

Mga dapat pag-ingatan kapag lilikas

・Mag-ingat at lumayo kaagad sa mga mapanganib na lugar.
・Untian ang mga dalang bagay.
・Huwag gumamit ng kotse kung lilikas mula sa tsunami.
・Tulungan ang mga matatanda, mga may sakit, o mga sugatan sa paglikas.

Lugar para sa emergency na paglikas	Ito ang lugar na maari kang lumikas sa tuwing may sakuna. Ito ay maaring maging ang school grounds, parke, matataas na lugar, at iba pa.
Evacuation Center	Kapag lumindol o bumagyo at delikado o kapag nawalan ng gas, kuryente, at tubig ang inyong bahay at mahirap tumira sa bahay, maaari kayong tumuloy sa evacuation center. Makakakuha din kayo ng mga pangunahing pangangailangan at importanteng impormasyon dito. Maaari rin itong gamitin ng mga dayuhang residente.

Mga bagay na kailangang gawin sa evacuation center

・Isulat ang mga personal na impormasyon sa reception. Eto ay para malaman ng ibang tao ang iyong kinaroroonan.
・Kumuha ng pagkain at tubig. Kumuha lamang ng inyong kailangan.
・May maraming impormasyon sa evacuation center. Kung may kakayahan ka na magsalin ng wika, tumulong sa mga tao na nangangailangan ng tulong sa pakikipag-usap.
・Para sa mga nakatira sa sariling bahay pero walang gas, kuryente, tubig, at iba pa, maaring makatanggap ng tubig at pagkain sa evacuation center.
・Maaring gumamit ng mga pansamantalang banyo.
・Ang evacuation center ay isang lugar kung saan ang lahat ng taong lumikas ay namumuhay. Kaya't sumunod sa tagubilin ng person-in-charge at tulungan ang isa't isa.

Mga kapaki-pakinabang na cell phone apps para sa paglikas

App para sa transmisyon ng impormasyon para sa mga turistang dayuhan「Safety tips」(Japan Tourism Agency)
Ang app na ito ay nagbibigay ng maagang babala ng lindol at alerto sa tsunami sa Ingles. Ang paliwanag kung paano kumuha ng impormasyon o paraan sa paglikas ay nasa Ingles. Makakatulong ito sa mga dayuhang bumibisita o nakatira sa Japan.

Website para sa pag-download
Android https://play.google.com/store/apps/details?id=jp.co.rcsc.safetyTips.android
iPhone https://itunes.apple.com/jp/app/safety-tips/id858357174?mt=8

Pagkuha ng impormasyon

Ang impormasyon ay importante sa tuwing may sakuna. Ang NHK ay nagbabalita ng pinakabagong impormasyon sa TV, radio, internet, at iba pa.

Maagang babala ng lindol

Makakarinig ng espesyal na tunog sa TV, radyo, o mobile phone bago mangyari ang malakas na lindol. Kung marinig ang tunog na ito, mag-ingat, manatiling mahinahon, at lumikas sa ligtas na lugar.

TV

Ang pinakabagong impormasyon ay inuulat sa mga balitang programa sa panahon ng sakuna.
Ang impormasyon sa Wakayama ay binabalita sa pamamagitan ng data broadcasting at iba pa.

Radyo

Ang mga radyong de baterya ay napapakinabangan sa panahon na walang kuryente.
Maaari rin makinig sa balita ng NHK radyo sa pamamagitan ng internet.

NHKネットラジオ らじる★らじる

Maaaring ma-access sa pamamagitan ng computer o smartphone, at makinig sa mga programa ng NHK radyo.

● **Computer**
http://www.nhk.jp/netradio

● **Smartphone**

Internet

Ang website ng Japan Broadcasting Corporation - Wakayama ay may detalyadong impormasyon ukol sa Wakayama

● Homepage ng Japan Broadcasting Corporation – Wakayama
http://www.nhk.or.jp/wakayama/

International na pagbalita

NHK WORLD

Ang NHK World ay nag-uulat ng mga balita sa mundo sa ibat-ibang wika sa pamamagitan ng TV, radyo, at internet.

● Homepage ng NHK World
http://www3.nhk.or.jp/nhkworld
● NHK World TV/NHK Radio Japan
Download page para sa smartphone application
http://www3.nhk.or.jp/nhkworld/app/info/index_jp.html

TV NHK WORLD　RADIO JAPAN NHK WORLD

Mga wikang Hapon na kapaki-pakinabang tuwing may sakuna

震源 : Shingen	Lugar na pinagmulan ng lindol
余震 : Yoshin	Aftershock
断水 : Dansui	Walang serbisyo ng tubig
給水 : Kyuusui	May serbisyo ng tubig
安否確認 : Anpi kakunin	Pagtiyak kung ang isang tao ay ligtas
非常食 : Hijyoshoku	Inihandang pagkain para sa panahon ng emergency
炊き出し : Takidashi	Pamimigay ng pagkain matapos ang isang emergency
避難する : Hinan suru	Lumikas sa ligtas na lugar
不通 : Futsu	Hindi gumagalaw・Hindi puwedeng dumaan
高台 : Takadai	Mataas na lugar
被災者・被災地 : Hisaisha・Hisaichi	Biktima ng sakuna・Lugar ng sakuna
倒壊する : Tokai suru	Pagguho ng mga bahay at gusali
迂回 : Ukai	Pagdaan sa ibang kalye
応急措置 : Okyu sochi	First aid
備蓄 : Bichiku	Paghahanda ng tubig, pagkain, at iba pa para sa emergency

● Mutlilingual na sound translation application “VoiceTra” (National Institute of Information and Communications Technology)
Ang mobile phone app na ito ay nagsasalin sa 31 wika tulad ng Hapon, Ingles, Instik, Koreano, at iba pa.

Download page
I-download ito sa App Store o sa Google Play.

Mga bagay na kailangan ihanda para sa paglikas

Supply

- ☐ Flashlight
- ☐ Lighter (posporo)
- ☐ Radyo
- ☐ Baterya (charger)
- ☐ Gamot, medical supplies, mask
- ☐ Tissue
- ☐ Plastic bag
- ☐ Pambukas ng lata at bote

Pagkain

- ☐ Tubig pang-inom
- ☐ Pagkain

Iba pang pang araw-araw na bagay

- ☐ Damit, panloob
- ☐ Tuwalya
- ☐ Guwantes pang trabaho, guwantes
- ☐ Raincoat, payong
- ☐ Safety gear tulad ng helmet, life jacket, at iba pa

Mahalagang dokumento

- ☐ Passport
- ☐ Residence card
- ☐ Health insurance card
- ☐ Pera, at iba pa

Maging handa

Ikabit sa pader ang mga kasangkapan pang-bahay. Ito ay makakatulong sa pagligtas ng iyong buhay.



Impormasyon tungkol sa Wakayama International Exchange Center

Wakayama International Exchange Center (Wakayama International Exchange Association)
Wakayama Big Ai Bldg. 8F 2-1-2 Tebira,
Lungsod ng Wakayama 640-8319
Telepono: 073-435-5240
E-mail : wa-world@wixas.or.jp
U R L : http://www.wak-kokusai.jp/

< Oras ng konsultasyon para sa mga dayuhang residente >
Mula alas 10 ng umaga hanggang alas 4 ng hapon
(Sarado tuwing Miyerkules at pista opisyal)
Ang Wakayama International Exchange Center ay nagbibigay ng impormasyon sa Ingles, Intsik, at Filipino. Makipag-ugnayan lamang kung nangangailangan ng payo o tulong.

Memo para sakuna

Pangalan _____ Bansa _____

Blood type _____ Numero ng pasaporte _____

Numero ng residence card _____ Kapanganakan _____

Address sa Japan _____

Telepono _____

Telepono sa sariling bansa na maaaring kontakin _____

_____

Telepono ng iyong embahada o konsulado _____

● Pinaka-malapit na evacuation center mula sa iyong bahay

Pangalan ng lugar

_____

Mapa

Sa kooperasyon ng The City of Wakayama (International Affairs Division)